

*Ang anyo, amoy at asal ng pari*

[Homily delivered by +Ruperto Cruz Santos, Bishop of Balanga during Holy Mass of Chrism at the Cathedral-Shrine of Saint Joseph, Husband of Mary in Balanga, 29th of March 2018]

Isang taon na po ang nakakalipas noong tayo ay nagkaroon ng *general parish assignments reshuffle*. Sa ating mga minamahal na mga pari, maraming salamat po sa inyong pagsunod at pagtupad. Palakpakan po natin silang lahat.

Sa inyo mga minamahal rin naming bayan ng Diyos, maraming salamat po sa inyong pagtanggap at paglilingkod. Purihin po natin ang Panginoong Diyos.

Sa dakilang araw na ito na pagdiriwang ng ating pagkapari at sa makasaysayang taon ng mga pari at relihiyoso, atin pong pagnilayan ang tatlong bagay. At ito ay tumutugon sa katanungan *ano ang pari*.

Madaling sagutin kung sino ang pari. At masasagot natin ito kung ano ang kanyang pangalan, kung sino siya o kaya nasaan na siya. Subalit sa tanong *what is a priest* ay higit pa sa tanong, higit pa sa pagpapakilala sa kanya. The answer does not only speak about his functions as *what they do* but it connotes form of character as *what they are*.

Saint Norbert, patron and protector of Bohemia now (Republics of Czech and Slovakia) made this declaration:

*"O priest, who are you?  
Not through yourself, for you are drawn from nothing.  
Not for yourself, since you are mediator of men.  
Not to yourself, for you are married to the Church.  
Not your own, for you are the servant of all.  
You are not you, for you are God.  
Who are you then?  
You are nothing and everything."*

Ngayon po ano ang masasabi natin sa pari, at tungkol din sa atin? Para po sa akin tayong lahat ay mayroong tatlong pagkakilala. Ano po ito? Madaling tandaan sapagkat nagsisimula sa letrang **A**, *triple*

**Anyo**  
**Amoy**  
**Asal**

**Una. Anyo.** Balikan po natin noong tayo ay likhain ng Diyos. At matutunghayan natin sa Aklat ng Genesis kabanata isa, talata dalawampu't anim "*God said, let us make man in our image, to our likeness.*" Tayo po ay kawangis ng Diyos. Ikaw at ako ay kalarawan ng Diyos. Samakatuwid nasasalamin sa atin ang Diyos. Nararapat din na nakikita, naaninag ang Diyos sa atin.

At sa pagpapatuloy sa Aklat ng Genesis nasusulat "*so God created man in his image, in the image of God he created him; male and female he created them*" (1,27). Sa wikang Latin ay ***imago Dei***, kahawig o sa imahen ng Diyos. Iyan mga kapatid ang ating ***anyo***.

Narapat lamang na tayo ay kamukha o nasa mukha natin ang Diyos. Mga kapatid, ano kaya ang nakikita sa atin? Kanino na tayo kamukha?

Dahil sa ating mga kasalanan natatakpan at nawawala sa atin ang ating pagiging kawangis ng Diyos. Sa patuloy natin paggawa ng masama hindi na naaninag, hindi na nakikita ang Diyos sa atin. Dahil sa ating bisyo at sa pagsunod sa layaw ng katawan hindi na tayo nagiging kamukha ng Diyos. Mangyari pa tayo ay nasasabihan na mukhang .... o kaya makapal ang mukha.

Mga kapatid kong pari tulad nila tayo rin ay ***imago Dei***. Datapuwa't sa atin pagiging pari tayo ay ***alter Christus***. Ito ang panibagong pagkilala, pagtawag sa atin. Tayo ay ***alter Christus, another Christ***. Tayo ay Cristo sa kanila.

Ang anyo ni Jesus ay maamo. Gaya ng sinabi ni Jesus, "*learn from me for I am gentle and humble of heart*" (Matthew 11,29). Samakatuwid hindi narapat na nakikita sa atin ay kayabangan, pagiging mapagmataas at kulang sa paggalang. Ang anyo ni Jesus ay paglilingkod. Ipinahayag ni Jesus, "*be like the Son of Man who has come, not to be served but to serve and to give his life to redeem many*" (Matthew 20,28). Mangyari pa ang narapat na namamalas sa atin ay pagiging handang magdiwang ng mga sakramento, tumutugon sa pagtawag at sa pangangailangan ng atin mga kawan. Ang anyo ni Jesus ay pagliligtas. Ipinakita sa atin ni Jesus that the "*Son of Man has come to seek out to save what was lost*" (Luke 19,10). Kaya naman sa pamamagitan nating mga pari sila ay naaalagaan, hindi nasasaktan; naiingatan, hindi nahihirapan; at naaakay tungo sa kaligtasan, hindi sa kahihyan o sa kasalanan.

Ang pari ay hindi nananakit. Siya ay hindi abusado. Tayong mga pari ay hindi biglang nawawala at walang itinatago.

Naitanong na ba ninyo sa inyong sarili ano ang nakikita sa akin ng akin mga kawan? Ano ang ipinakilala ko sa kanila bilang kanilang mga pari? Masarap mapakinggan ang mga salitang *siya ay mukhang pari. Sa anyo at kilos pa lamang ay malalaman mo na siya ay isang pari. Masakit na marinig pari pa naman. Nagawa niya iyon. Nasabi niya iyong masasamang salita. Nakakalungkot masabihang pari ka pala. Ah wala sa iyong pananamit. Hindi nakikita sa iyong pagsasa-ayos ng mukha at ng katawan.*

Doon sa *consultation-meeting* ng mga *Filipino chaplains for the pastoral care of our OFWs* sa Europe, ibinahagi ng mga *volunteers* ng Paris Filipino chaplaincy na kung saan doon ginawa ang nasabing *consultation-meeting*, "*hindi kami nahirapan na sunduin, makita at makilala ang ating mga Filipino chaplains. Silang lahat ay nakasuot ng clerical, suot pangpari.*"

Pahabol na pahayag ng *chaplain* ng Madrid, Espanya "*natural sa amin magsuot ng clerical. Ito ay upang makilala na pari at maipakita naman na kami ay pari. Clerical shirts is our identity. Fashion statement namin ito bilang pari ninyo.*"

**Ikalawa. Amoy.** Mula sa ikalawang sulat ni San Pablo sa mga taga Corinto, ipinaalala sa atin na "*we are Christ's fragrance rising up to God*" (2,15). Ano ito para sa atin? *This odor, this aroma is the style of Christian existence.* Ang lumang buhay, ang buhay na may pagkakasala ay pangit, masama at masasabi natin mabaho. Ang nabubuhay sa hilig ng laman, sa pangdaraya at sa paglilinlang sa kapwa ay buhay na bulok. At dahil bulok na buhay ito ay sira, iyan ay mabaho.

Datapuwa't ang pagtulad sa pagpapakasakit ni Jesus at sa Kanyang pag-aalay ng sarili para sa kaligtasan ng tao ay pabango at halimuyak ng isang mabuti at malinis na buhay. Kaya naman ayon kay San Pablo, "*it is the fragrance of life and leads to life*" (v16).

Batay sa tradisyon ng Inang Simbahan, ang amoy natin o *our smell* at *aroma*, ay nararapat na ito ay "*odor of sanctity*" na nagiging batayan din ng pagiging santo. Noon si Saint Polycarp of Syrmna ay sinunog hanggang sa kanyang kamatayan, ang kanyang nasusunog na katawan ay nagdulot ng amoy na kamanyang o *frankincense*. At kay Santa Teresa ng Avila ang kanyang libingan sa loob ng siyam ng buwan ay amoy pabango. At tayo nga mga pari ay inaanyayahan ng ating mahal na Santo Papa Francisco na "*be shepherds with the smell of the sheep.*"

Ang matapat na buhay ay mabango. Ang malinis na buhay ay mabango. Ang mabuhay para mapaganda at mapabuti ang buhay ng kanyang nasasakupan ay mabango. Kaya naman ang pari hindi nagiging madaya. Ang pari ay hindi dapat taksil sa kanyang sinumpaan sa kanyang ordinasyon. Ang pari ay hindi dapat makasarili. At mula rito ang buhay ng pari ay mabango, at nararapat lamang na mabango.

Sabi nga ng isang pinakamataas na pinuno ng mga pulis "*paano kayo igagalang ng mga tao kung marumi ang inyong presinto.*"

Mga kapatid kong pari, linisin natin ang ating mga kilos at salita mangyari pa magiging mabango tayo sa tao. Ayusin natin ang mga gamit sa Parokya, ang atin pananamit at pananalapi tiyak na tulad ng isang pabango mahahalina natin ang mga tao pabalik at papalapit sa Simbahan, at kay Kristo.

**Panghuli. Asal.** At muli pa rin ay San Pablo sa kanyang sulat para sa mga taga-Filipos, "*try, then, to adjust your lives according to the Gospel of Christ*" (1,27). Mayroon mga magaling at mahuhusay na tao. Subalit hindi sila ang ating gagayahin. At hindi rin tayo makikiuso. Mayroon din mga magaganda at makabagong mga bagay bagay. Subalit hindi ang mga ito ang atin papangarapin makuha o marating. Hindi ang mga iyan ang pagtutuunan natin ng pansin.

Ang atin pag-uugali ay batay at nararapat na ayon sa kautusan at kalooban ni Jesus. Ang asal ay dapat lamang na tugma sa kalooban at pamamaraan ni Jesus. Si Jesus ang tumawag, pumili at humirang sa atin. Mangyari pa mamuhay tayo at maglingkod na kagaya Niya.

Ito ang pinahayag ni San Pablo sa kanyang pangangaral sa kanila, "*let what was seen in Christ Jesus be seen in you*" (Philippians 2,5).

Ang naririnig sa pari ay Mabuting Balita, hindi *fake* hindi palaging paghingi at hindi masasakit na salita. Ang nakikita sa pari ay sumasabay, sumasama sa kanyang kawan, hindi nakafocus sa *facebook* hindi sa pag-aalaga ng aso at hindi rin sa pasyalan. Ang ginagawa ng pari para sa kabanalan, sa kabutihan ng kanyang simbahan, hindi para sa kanyang personal na kaginhawaan, hindi para sa kanyang pansariling kapakanan.

Sa pagtatayo o pagbubukas ng *Filipino chaplaincy* sa Amman doon sa Jordan ipinahiwatig ng Obispo doon na tatlong bagay ang nararapat na dalhin at gagawin ng ating ipadadalang Pilipinong pari. **Una**, magdala ng maraming *clerical polo shirts* at palaging nakasuot nito. Dapat na siya ay nakikitang pari at nakadamit pari. **Ikalawa**, huwag kalimutan dalhin ang sariling Biblia at Breviary. Marami doon tiyak hihingi sa kanya ng panalangin at magpaliwag sa kanila tungkol sa Salita ni Jesus. At **ikatlo**, sabi ng Obispo doon na ang *Filipino chaplain* ay nararapat lamang na magbitbit ng maraming pasensiya. Sapagkat maraming kuwento ang ating Pilipino na nais nilang ibahagi sa kanila lamang na mga alagad ng Diyos.

Mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo, at atin rin minamahal na mga kapatid ko sa pagkapari. Kung iisipin po ng mabuti ang tatlong ito na hiling ng Obispo ng Amman, Jordan na dapat dalhin ng Pilipinong pari sa pagiging *chaplain* sa ibang bansa ay masasabi natin **triple A** ng isang pari, ang kanyang:

**Anyo**  
**Amoy (aura)**  
**Asal (attitude)**

+Ruperto Cruz Santos, DD  
Bishop of Balanga and CBCP ECMI chair